هل الله أصبح إنسانا؟

# Nagkatawang Tao ba ang Poong Maykapal?

www.islamhouse.com

Sinulat ni Dr. A.B. Philips
(Ph.D. Saint David's College, University of Wales ,UK)

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

Unang Limbag 1428 H., 2007 CE

Ang lahat o anumang bahagi nitong aklat ay maaaring gamitin sa anumang pamamaraang paglalahad hangga't ang nilalaman nito'y hindi inililihis sa tamang kahulugan at diwa nito.

Nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pagpapalimbag ng aklat na ito. Nawa'y biyayaan sila ng Allah sa kanilang mga pagsisikap. Kung mayroon kayong pagtutuwid, puna o katanungan hinggil sa aklat na ito, mangyaring makipag-ugnayan lamang sa: **www.islamhouse.com**

1428 H

Inilimbag ng:

The Islamic Propagation Office in Rabwah
Tel. 4454900 - 4916065
**www.islamhouse.com**

© يحق لمن شاء أخذ ما يريد من هذه المادة بشرط الأمانة في النقل وعدم التغيير في النص المنقول ولا حذف شيء منه. والله الموفق.
إذا كان لديك أي سؤال أو اقتراح أو تصحيح يرجى مراسلتنا على العنوان التالي:
www.islamhouse.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
هاتف: 4454900 – 4916065 تحويلة
عنوان الموقع: www.islamhouse.com

**Mga Nilalaman**

**Bahagi ng Pamagat**
**-----------------------------------------------------------------------------------------------------**

**Paunang salita**

**Paniniwala sa Poong Maykapal**
**Ang mga Diyos**
**Ang Tao ay Diyos**
**Ang Diyos ay Naging Kanyang Nilikha**
**Ang Poong Maykapal ay Naging Isang Tao**
**Ang mga Tao ay naging Diyos**
**Bakit ?**
**Ang Poong Maykapal ba ay nagkatawang Tao?**
**Ang Tao ba ang Maaring maging Diyos?**
**Ang Poong Maykapal ba ay may Anak?**
**Talaaklatan**

**Paunang Salita**

Ang pinakalayunin kung bakit isinulat ang maliit na aklat na ito ay upang ipaabot doon sa mga naniniwala sa Poong Maykapal at upang himukin sila na pagbalik aralan ang tunay na kalikasan ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng katuwiran at rebelasyon. Sa katotohanan, ang maliit na aklat ito ay isinaayos na salaysay mula sa panayam, na aking tinalumpati sa maraming pagkakataon at iba't-ibang pook sa buong mundo. Ang magandang tugon mula sa iba't-ibang nakapakinig sa talumpati kong ito ay nagbigay sa akin ng pagnanais na ihanda ito bilang isang maliit na aklat upang sa gayon ay makatanggap ang maraming nagnanais na makaalam nito.

Taos-puso akong umaasa na ang sinomang bumabasa nito ay makita ang diwa at pagtalakay sa paksa mula sa maliit na aklat na ito upang maging kapaki-pakinabang sa kanilang pang-sariling paghahanap sa Poong Maykapal, sapagkat, sa kahuli-hilihan, walang ibang pinakamahalaga sa daigdig na ito maliban na hanapin ang Poong Maykapal at mamuhay ayon sa Kanyang kalooban. Para sa mga walang pagnanais na magpasimula sa pagsasaliksik na ito at mamuhay batay sa Kanyang Banal na katotohanan, aking lamang maipagkakaloob ang isang mapagpakumbabang panalangin na nawa ang Poong Maykapal ay tulungan sila na mahanap ang daan pabalik sa Kanya bago pa maging huli ang panahon para sa kanila.

Sa huling bahagi, nais kong pasalamatan ang lahat na nagbigay ng tulong na maihanda at mailathala ang gawaing ito, lalung-lalo na kina Esther na aking maybahay at si Gng. Dana Bader

Dr. A.B. Philips
Preston University
Ajman, UAE
Marso 2003

## Paniniwala sa Poong Maykapal

Ang pinakamalaking bahagi ng sankatauhan ay patuloy na naniniwala sa Poong Maykapal. Mula pa sa pinakamatandang kabihasnan hanggang sa makalumang mamamayan sa kasalukuyan, ang Poong Maykapal ang pinaka-sentro ng mga relihiyon ang siyang naging dahilan ng pagsasama-sama nila na maitatag ang kultura ng tao. Sa katunayan, ang hindi paniniwala sa Pagkakaroon ng Diyos ( *o Ateista*) sa naganap na kasaysayan ay tinatanggap lamang ng kakaunting tao hanggang sa paglitaw ng Komunismo sa ika-20 siglo. Kahit na nga, magpahanggang ngayon, ang pangkaraniwang mamamayan sa Kanluran, na kung saan naroon ang mga Siyentipikong Panlipunan[1] na may kasangkapan ng paliwanag ng mga Darwinian[2] ay nangangatuwiran na ang Poong Maykapal ay isa lamang guni-guni ng sankatauhan, na tinipon mula sa kathang isip; ngunit, ang higit na nakararaming mamamayan, ang pangkaraniwang tao at pati na rin ang mga siyentipiko, ay nanindigan sa kanilang pananampalataya sa Poong Maykapal.

Dahil dito, napakaraming bakas ng pagsisiyat batay sa mga bagay-bagay na natuklasan ng arkeolohiya bilang nagpapatunay sa pagkakaroon ng Poong Maykapal ay naging sanhi sa mga Antropolohista na magbigay ng panukala na ang paniniwala sa Poong Maykapal (*deismo*)[3] ay likas na sa tao at ito'y hindi napag-aralan. Bagaman higit na marami ang bilang ng mga Seyentipikong Panlipunan na kakaiba ang kanilang ipinapaliwanag, ang kasalukuyang natuklasan sa pagsisiyasat ay nagpapakita sa patotoo na ang deismo ay likas ayon sa maliit na bilang ng nagpanukala nito. Sa isang artikulo na inilathala na may pamagat na " Ang Tanda ng Poong Maykapal ay Natagpuan sa Utak," Si Dr. Vilayanur Ramachandran ng Unibersidad sa California sa San Diego ay nagsabi na kamangha-mangha ang pang-relihiyong paniniwala sa Poong Maykapal, ay may ***likas na sangkap sa pangmalas***[4] na nakalagay sa utak.

Bagaman habang lumalago ang katunayan na ang tao ay may likas na sangkap sa pangmalas na kalakip nito ang " *kagamitan sa pangangatawan ukol sa paniniwala,*" na ang katotohanan ukol sa konsepto ng Poong

[1] Social scientists-tingnan ang talababa sa pahina 4
[2] mga tagasunod o tagataguyod ni Darwin (1864) sa kanyang opinion na ebolusyon ng buhay ( biological evolution )
[3] deism-isang kilusan o sistema ng kaisipan na ipinapalaganap ang naturalisang relihiyon, na ang pangunahing sinasabi ay ang tungkol sa moralidadd. Noong ika-18 siglo lumaganap ang ang panukalang ito, dito'y sinasabi na ang Manl8ilikha ay hindi nakikialam o nakikiugnay sa batas ng kalikasan. Si Sir Isaac Newton, Benjamin Franklin at Thomas Jefferson ay mga deista.
[4] The Sunday Times, 2 Nov. 97, p. 19; Hard-wired –sa colloquial ay lihim na kalakasan, ngunit sa literal kawad ng kalakasan. Ginamit ko ang ekspresyong " may likas na sangkap sa pangmalas" sapagkat ito ang pangkalahatang salita sa Tagalog upang ikapit sa kamangha-manghang gawa ng Poong Maykapal.

Maykapal ay masyadong masalimuot sa hanay ng mamamayan ng tao ay nagdadala pa rin sa mga pala-isip, kasama ang mga naniniwala sa Poong Maykapal, na nagbibigay patotoo sa opinyon na ang relihiyon ay gawa lamang ng tao. Magkagayon pa man, sa patuloy na pagsisiyasat ay nahayag na ang pangkaraniwang diwa sa teolohiya ay magkaugnay sa iba't-ibang relihiyon. Ang Kaugnayang ito ay tungkol sa paniniwala sa isang Kataas-taasang Makapangyarihan bukod pa sa mga iba't-ibang diyus-diyusan, isang pundasyon sa monoteismo[5] na maaaring matagpuan kahit na sa panlabas ng panteyestikong[6] sistema ng relihiyon. Halimbawa nito, ay ang konsepto ng Diyos sa Hinduismo ay umiiral na isang pinakahalimbawa sa mga relihiyon, na nagpapatunay sa pananaw na ang sankatauhan sa kauna-unahan pa ay niniwala na sa Nag-iisang Tunay na Poong Maykapal at dahil sa paunti-unting pagtaliwas ay nangyari na naging pagsamba na sa maraming Diyos. Bagaman, nagkaroon ng maraming Diyos at mga larawan ng Diyos, ang Hinduismo ay mayroong pa ring kinikilalang isa pang Diyos na Makapangyarihang sa lahat, si Brahman.

Sa kaugalian ng tao, ang nakararaming **antropolohista**[7] ay nagpanukala na ang relihiyon ay nagmula sa maraming antas na pagbabago mula sa **politeismo**[8] hanggang naging **monoteismo**, ang pasimula nito'y nang ginawa ng tao na ang katutubong puwersa ng kalikasan ay ibinilang na Diyos, at pagkatapos nito, ay unti-unting naging **ditheismo** na pagsamasamahin ang lahat ng kamangha-manghang kapangyarihan tungo lamang sa dalawang natatanging Diyos ( *isang Diyos ng kabutihan at isang Diyos ng kasamaan*) at sa kahuli-hulihan, ay nauwi na sa paniniwala sa isang Poong Maykapal, ang ***monoteismo***. Dahilan dito, ang religion ayon sa mga antropolohista at Seyentipikong Panlipunan[9] ay hindi Diyos ang pinagmulan; ito lamang anya ay bunga lamang ng paunti-unting pagbabago mula sa mga pamahiin ng tao na ang pinagbabatayan ay isang uri ng Agham na may kakulangan. Gayon pa man, sa ganito pa ring pamamaraan, ang paniniwala ng mga gumagawa ng mga pagsalungat sa Poong Maykapal , na ang Agham anya ay magiging susi sa pagbukas ng lahat ng mga nakatago sa kalikasan, na siyang magpapawalang halaga sa relihiyon para maunawaan ang di maipaliwanag na nangyayari sa kalikasan, at mga pagkakataon na kakaibang pangyayari sa lahat ng relihiyon.

Gayon pa man, ang likas na paniniwala ng tao sa Makapangyarihang Kataas-taasan, , ay tila baga nagpapatotoo sa kabaligtarang *opinyon ng mga*

---

[5] o kaya'y monotheistic-paniniwala sa nag-iisang Poong Maykapal
[6] o kaya'y pantheistic- paniniwala na ang Diyos ay ipinapantay sa mga lakas at kalikasan ng buong sanlibutan. Ito'y tumutukoy din sa pagsamba ng tao sa lahat ng mga Diyos na may iba't-ibang paniniwala, kapulungan ng ibat-ibang tao.
[7] Anthropologists-mga dalubhasa sa pag-aaral ukol sa pinanggalingan, kaurian, mga lahi, pangangatawan, sosyal na ugnayan at kultura ng mga tao.
[8] Polytheism-paniniwala o pagsamba sa maraming mga Diyos.
[9] Social Scientists-mga dalubhasa sa Agham ukol sa iba't-ibang antas at ginagalawan ng tao sa kanyang lipunan.

*sumasalungat sa relihiyon,* sa halip ay iminumungkahi na ang tao ay nagpasimula sa paniniwalang monoteismo, na sa pagsapit ng panahon, ay nangahiwalay at naging iba't-ibang anyo ng politeyesmo. Ang panukalang ito ay lubos pang pinatotohanan na ang lahat ng tinatawag na sinaunang tribu, na nang matuklasan ay nasiyasat na sila ay naniniwala sa isa pang Kataas-taasang Makapangyarihan. Kahit na ano pa man ang matagpuan nila na katibayan tungkol sa unti-unting pagbabago ukol sa relihiyon na sa gayon ding pagkakatuklas, karamihan ay natuklasang naniniwala sa Kataas-taasang Poong Maykapal maliban sa iba pang mga diyus-diyusan at mga espiritu. Sa ganitong katunayan, ang konsepto ng nag-iisang Kataas-taasang Makapangyarihan ay nananatili sa lahat ng mga relihiyon bilang patunay na ang nakararaming tao ay naligaw mula sa monoteismo sa pamamagitan ng paglalagay ng mga Katangian ng Poong Maykapal sa ibang uri ng mga nilikha, na ibinilang na para maging mababang mga Diyos sa ilang pagkakataon at ang iba naman ay bilang tagapamagitan sa iba. Kung gayon, ang Kataas-taasang Poong Maykapal, sa anomang anyo Siya ilagay, ay nasa kaibuturan ng halos lahat ng mga relihiyon.

**Ang Mga Diyos**

Gayon pa man, may nananatili pa rin sa aspeto ng paniniwala sa Poong Maykapal, na kumakalaban sa lahat ng lohika at mga katuwiran, ngunit naging isang panulukang bato ng pananampalataya. Ito ang paniniwala na ang Poong Maykapal anya ay nagkatawang tao. Sa bagay na ito, na ang orihinal na monoteismong paniniwala sa Poong Maykapal ay bumagsak sa kasiraan, sa isang paniniwala na kinakailangan magkaroon ng tagapamagitan sa pagitan ng tao at ng Kataas-taasang Makapangyarihan upang maging daan ng tao na maipaabot ang kahilingan o kaya'y upang kumatawan sa Poong Maykapal sa daigdig na ito, ang mga Tagapamagitang ito ay pangkaraniwang ipinakikilala bilang espiritu na matatagpuan sa lahat nakikitang katangian ng kalikasan. Samakatuwid, ang mga tao mula sa makalumang panahon ay sumasamba na sa espiritu ng kagubatan, mga ilog, kalangitan , lupa at iba pa., pati na nga hanggang sa kasalukuyang panahon. Kung minsan, ang kalikasang ito ay sinamba, at sa ibang panahon, ang mga simbolo na kumakatawan sa kalikasan ay sinamba rin. Ang sistema ng relihiyon, na nagmula sa ganitong uri ng paniniwala ay nauwi sa pagiging lokal at nananatiling nagkalat sa mga sinaunang tao sa iba't-ibang panig ng daigdig magpahanggang sa ngayon. Ang paniniwalang iyon ay hindi natipon sa isang anyo bilang isang sistema ng paniniwala ng pangkalahatang pagkakapareho-

pareho,[10] ayon sa kaalaman batay sa kasalukuyan tala ng kasaysayan ng sankatauhan.

Sa iba pang pagkakataon, ang pagbagsak sa pagkasira ng paniniwala sa monoteismo sa pamamagitan ng paglalagay ng katauhan sa kapangyarihan ng Poong Maykapal bilang hiwalay na pangitnang kalagayan na kinakatawan ng mga imahen, ang mga idolo ay naging daan para sa pagsamba sa Poong Maykapal. Ang Kapangyarihan ng Poong Maykapal ay naging mga Diyos. Ang paniniwalang iyon ay humantong sa naunang panahon at sa kasalukuyan bilang likas na relihiyon sa pangkalahatang pagkakapareho-pareho. Ang sinaunang relihiyon ng Ehipto, Griyego,at Romano ay napawi na dahilan sa lubos na nagpasakop sa emperyong ito ng Cristianismo. Datapwat, ang kapahayagan ng mga Indiano ukol sa Hinduismo ay nanatili mula sa pananakop ng Muslim at Cristiano at nanatili pa rin bilang pang-nasyonal na relihiyon na itinataya na may isang bilyong tao sa India. Ang Cristianismo at Islam, ay nagawang palitan nila ang pangkalahatang pagkakapareho-pareho sa malaking bahagi ng Malayong Silangan maliban sa lugar ng Bali sa Indonesia,. Gayon pa man, maraming pang iba't-ibang anyo ang Buddhismo, ang mga humiwalay dito, ay naging malaking relihiyon na daang-milyon ang kaanib sa Malayong Silangan. Maraming anyo ng kilusang pagbabago ng Hinduismo ang patuloy na lumalaganap sa Kanluran ngayon.

## Ang Tao ay Diyos

Ayon sa Hinduismo, ang payak na pinagbabatayan ay ang konsepto na ang lahat ay Diyos. Sinasabi dito, na ang pangunahin *konsepto*, ay walang pagkakaiba ang Diyos at ang Kanyang nilikha. Sa pilosopiya ng Hindu, ang lahat ng may buhay ay may sarili o isang kaluluwa na ito'y tinatawag na **Atman**. Pinaniniwalaan ng karamihan na ang kaluluwa ay siyang Diyos, ito'y tinatawag na **Brahman**. Dahil dito, ang diwa ng paniniwala ng Hindu ay ang panukala na ang *Atman at Brahman ay iisa at magkapareho*; sa ibang salita, ang kaluluwa ng tao ay Diyos. Sa karagdagan pa, ang lipunan ng tao ay nahahati sa **castes** o ***uri ng pangkat sa lipunan***, na kung saan na ang bawa't castes ay sumasagisag sa tao na nagkaroon ng buhay mula sa iba't-ibang bahagi ng Diyos, ang Brahman. Ang nasa itaasan ng castes, ay ang mga **Brahmin**, sila'y nagmula sa ulo ng Diyos; samantala , ang nasa mababang uri ng caste, ang **Sudras,** ay nagmula sa paa ng Diyos. Bagaman mayroon lamang apat bahagi ng castes, sa katunayan ay mayroon pang maraming baha-bahagi ng mga castes. Ang bawa't isa sa bahagi ng castes ay nahahati pa sa libo-libong higit na

[10] Sa Ignles ay "international impact"-ito'y tumutukoy sa magkakatulad na paniniwala ng tao mula sa iba't-ibang panig ng daigdig.

mababang castes. Ang mga Hindu ay naniniwala na kapag ang tao ay mamatay, ay muling mabubuhay sa ibang uri ng laman. Ang Kaluluwa, o Atman, ng isang namatay na tao ay hindi nawawala o namamatay sa buhay na ito, pagkatapos nito sila ay muling ipanganganak sa mataas na kalagayan ng sistema ng castes sa susunod na buhay. Sa pinag-uusapang ito, kung sila ay masama sa buhay na ito, sila'y muling isisilang sa mababang antas, na ito ay isa sa malaking dahilan kung bakit napakaraming Hindu ang nagpapakamatay taon-taon. Ang pang araw-araw na Diyaryo o Peryodiko ay palaging ibinabalita ang mga pangyayari ng bawa't isa at ang mga pamilya na nagbibigti sa kanilang sarili sa bentilador sa kanilang tahanan. Kamakailan lamang sa isang idisyon ng pang-lokal na diyaryo, isang lalaking Hindu ang nagpakamatay nang ang India ay natalo sa pakikipaglaban sa Sri Lanka ng larong cricket. Kapag ang sistema ng pananampalataya ay niyakap ang paniniwala na mabubuhay na muli ang tao sa ibang katauhan o kaya'y inkarnasyon, ang pagpapakamatay ay isang napakadaling paraan upang maalis ang kahirapan sa buhay na ito.

Kapag ang isang tao ay naabot na ang pinakamataas na castes, ang mga Brahmin, pagkatapos ng maraming ulit na palipat-lipat sa ibang katauhan, ang pag-ikot ng muling pagkabuhay ay diyan na magwawakas, at siya ay muli nang makakasama ng Brahman. Ang pamamaraang ito ng pagsasanib na muli ay tinatawag na **Moksha**, at sa Buddhismo ito'y tinatawag na **Nirvana**.[11] Ang Atman ay muling makakasama sa Brahman. At kung magkagayon, ang tao ay naging Diyos.

## Ang Diyos ay naging Kanyang nilikha

Sa pananampalatayang Hindu, ang katangian ng Brahman ay nahahayag sa iba't-ibang mga Diyos. Ang katangian ng nilikha ay nagiging manlilikhang Diyos, ***Brahma***, ang katangian ng Pananatili ay nagiging nagpapanatiling Diyos, ***Vishnu***, at ang katangian ng pagkawasak ay nagiging Mangwawasak na Diyos, ***Siva***. Ang pinaka-tanyag na isa sa kanila ay si Vishnu, na nagkatawang tao na nakihalo sa mga nilalang sa iba't-ibang bahagi ng panahon. Ang pagkakatawang tao na ito ay tinatawag sa Sanskrit na ***avatar***, na ang ibig sabihin ay " Pagpanaog." Ito'y kumakatawan sa pagpanaog ng Diyos sa daigdig ng sankatauhan sa pamamagitan ng pag-aanyong tao o kaya'y isa sa iba pang mga nilikha sa daigdig na ito. Sa kauna-unahan, ang salitang avatar ay tumutukoy sa sampung bahagi ng pagpapakita ng Diyos na si **Vishnu.** Isa sa kanila ay si **Matsya,** ang nagkatawang- isda na Diyos ; **Kurma**

[11] Ito ay salita mula sa Sanskrit na ang kahulugan ay tinangay palabas, ito'y tumutukoy sa pagpuksa ng lahat ng mga makamundong kagustohan, o kaya'y kaligtasan. Bagaman ang salita ay nagmula sa kasulatan ng Vedantic (o Bhagavad-Gita at ng Vedas), ito ay pangkaraniwan ginagamit ng Buddhismo. Sa Buddhismong Hinayana ito ay isang kalagayan ng kaginhawaan. (Dictionary of Philosophy and Religion, p. 393).

bilang pagong ; **Varaha** bilang baboy-damo ; **Narasimha** bilang kalahating tao at kalahati ay lion ; **Vamana** bilang isang duwende ; at marahil ang kilalang-kilala ay si **Rama**, ang nagkatawang-tao. Si Rama ang pinakabayani ng alamat na ito, si **Ramayana** naman ay laging napapanuod sa mga sinihan. Ang isa pang tanyag na Diyos ay si **Khrisna**, ang isa pang anyo ng inkarnasyon ni Vishnu bilang isang tao. Ang kanyang alamat ay ang **Mahabharata,** na naglalahad ng pagbaba ng mga Diyos sa anyong tao upang sagipin ang Diyosang Daigdig, na inuusig ng mga demonyo, nahihirapan dahil sa bigat ng sobrang dami ng tao at nasa panganib ng pagkasira.[12] Mayroong iba't-ibang pagbabago ng paniniwalang ito kung gaano karami ang pagkakatawang tao at kung anong uri ng hayop ang kanilang pinili para maging anyo, ngunit, ang sinasabing ito ay sinusundan lahat ng pangkaramihan. Kaya nga, sa Hinduismo, ang ika-limang bahagi ng sankatauhan ay naniniwala na ang tao ay Diyos o kaya'y bahagi ng Diyos. Ang pagkakaiba sa pagitan ng manlilikha at Kanyang nilikha ay panlabas lamang.

Ang kilalang Buddhismo ay magkatulad sa konsepto ng Hindu ukol sa pagkakatawang tao na may kaunting pagkakaiba. Ito ay nagtuturo na ang bawa't isang nilalang na May-malay–tao ay nagtataglay ng " **Kalikasang Buddha**" at samakatuwid ay magagawa niyang maging Buddha. Si Buddha, sa unang katuruan[13], na siya ay isang totoong tao na tagapagturo na nanirahan at nangaral. Ngunit, sa **Buddhismong Mahayana,** ang opinyon ng " magpawalang hanggan" Buddha, na napapalooban ng lubos na katotohanan ay nabuo at ang Buddha ay itinaas sa pagka-Diyos. Upang maihayag ang kanyang aral sa sankatauhan, ang magpawalang hanggang Buddha ay ipinahayag niya ang kanyang sarili sa iba't-ibang panahon bilang isang Buddha na Taga-lupa upang manirahan at makihalo sa mga gawain ng tao. Kaya nga, si **Siddharta Gautama**, ang nagtatag ng Buddhismo ay naging isa lamang sa mga nagpahayag sa lupa, na para baga na siya ay isang multo

[12] Ang pinakagitnang bahagi ng teolohiya sa alamat ay ang Bhagavad Gita (Dictionary of World Religion ,p.448)

[13] **Theravada** Buddhism, mga Doktrina ng mga Matatanda, sa katotohanan ay isa lamang na pang-disiplina, na ang bawat isa ay dapat na ganapin upang makamtan ang kaligtasan para sa kaniyang sarili at pamamagitan ng kaniyang sarili. Tanging ang mga Monghe lamang ang may tibay at lakas ng loob sa ganap na buhay ng pangrelihiyon ang makakaabot sa hangaring ito, at ang sinoman namagagawa ito ay tinatawag na **archant.** Mayroon dalawang uri ng **Nirvana**, ang isa ay may natitira pa at ang isa naman ay wala. Ang una ay magaganap sa pamamagitan ng archant dito at ngayon, ang limang katipunan ( skandhas: na natitipon ang bawat isa; bagay, pandama, pang-unawa, paghahayag at malay-tao) ay nananatili pa rin sa kasalukuyan, bagaman ang masidhing paghahangad ay maglalagay sa patuloy na muling palipat-lipat na ipinapanganak ay napawi na. Ang Nirvana na walang tira ay tumutukoy sa kalagayan ng arhant pagkatapos ng kamatayan na kung saan ang Buddha ay nananatiling tahimik. Maaari lamang na may iisang Buddha sa mahabang panahon at ang kaliwanagan ay tangi nakalaan lamang sa iilan pinili.Ang aspetong ito sa Buddhismo ay tinatawag na **Hinayana**, kaya'y higit na mababang sasakyan.. Sa paglipas ng panahon, pagkatapos na ang Buddha ay mamatay, ang mga monghe ng Theravada ay pinuna bilang masyadong makitid at pansarilinan lamang ang kanilang itinuturo. Ang pagtatalo ay lumaganap at ang Buddhismo ay gumawa. Isang bagong anyo ng , Mahayana, o kaya'y Malaking Sasakyan, ito ang nangibabaw ( Dictionary of World Religion, pp. 126-7)

lamang na nagpakita bilang nilikha ng magpawalang-hanggang Buddha[14]. Ang Buddhismo ay inihalo ang mga elemento ng sistemang India ukol sa mga Diyos at kalangitan at bilang pagtugon sa kilalang-kilalang Hinduismong **Bhakti,** gayon din bilang personal na pagsamba sa mga tagapagligtas na Diyos. Ang Ganap o Kalikasan ng Buddha ay nakita ng ilan bilang may Katangian na nahayag bilang magpawalang hanggang Buddha at bodhisattvas[15] na umiral na sa espirituwal na kapaligiran at naghandog ng kanilang mga kabutihan, pagkalinga at tulong tungo sa kaliwanagan para sa lahat ng mga tapat na tagasunod nila.

Ang isa sa pinakapuno nila sa magpawalang-hanggang bodhisattvas ay si **Avalokitesvara**, siya'y isang kapahayagan ng awa, at si **Manjusri,** ang kapahayagan ng katalinuhan. At ang isa sa mga magpawalang-hanggang Buddhas ay sina **Aksobhya** *(Ang Mapanatag*), si **Amitabha** ( *ang Magpawalang-hanggang liwanag*) at si **Amitayus** ( *ang Walang-Hanggang Buhay*).

## Ang Poong Maykapal ay naging isang Tao

Ang Cristiano ay naniniwala na ang Poong Maykapal ay nagkatawang-tao, na ang ugat ng paniniwalang ito'y nagmula sa sinaunang mga Griyego. Ang tamang-tamang salita na ginamit upang ilarawan ang Poong Maykapal na nagkatawang Tao ay makikita sa evangelio ayon kay Juan 1:1 at 14, " ***Sa pasimula ay ang Salita (****logos****) at ang Salita ay kasama ng Diyos at ang salita ay Diyos."*** Pagkatapos nito, ang sumulat ng Juan ay patuloy na sinabi, " *at ang salita ay nagkatawang tao at tumahan sa gitna namin, puno ng biyaya at katotohanan.."* Bagaman ang salitang Griyego na ***logos*** ay isinalin na " salita," walang isa mang salita sa Ingles ang kapantay nito. Ang kahalagahan ng *salitang* ito *upang maunawaan kung ano ang hahulugan ng logos* ay nakabatay sa paggamit nito bilang isang teknikal na salita sa Griyegona kaisipang metapisikal mula noong ika anim na siglo bago pa isinilang si Cristo ( B.C.) hanggang sa ikatlong siglo, *ito ang Pangkaraniwang panahon o Pagkatapos ng pag-iral ni Cristo* ( C.E.), at ito'y kinuha at ginamit ng mga palaisip na Cristiano at mga Judio. Ang kauna-unahang paglitaw nito bilang ekspresyon ay ginawa ni Heraclitus (noong 540-480 B.C) upang maging Pang-udyok na prinsipyo sa sanlibutan, ngunit noon, sa panahon ni Aristotle, ay pinalitan ito ng di-nakikitang kapangyarihan na **naus** at ginawa ang makapangyarihang materyal. Ang Logos ay muling lumitaw sa sistema ng mga Stoic na siyang nagpangalan sa prinsipyo ng **teleology**[16] ito'y ang

[14] Dictionary of World Religion, p. 129

[15] sa orihinal, ang salitang ito ay tinutukoy ang naunang mga Buddha habang silay naghahanap pa ng kaliwanagan. Sa Mahayana, ang bodhisattva ay hindi niya ipinagpatuloy ang kanyang huling kaganapan ng kaliwanagan at pagtanggap ng Nivana upang matulungan ang iba pang nilalang sa kanilang paghahanap ng kaliwanagan. (Dictionary of World Religions p. 112)

[16] katunayan sa Pagkakaroon ng Poong Maykapal mula sa desinyo ng kalikasan

magkaparehong logos at Poong Maykapal. Si Philo (d. 50 C.E.), na isang Judiong Pilosopo mula sa Alexandria, ay pinagisa ang manlilikhang salita mula sa Lumang Tipan sa logos ng Stoics. Kaya nga, ang logos ay nangibabaw na prinsipyo, bilang daan ng Poong Maykapal na ihayag ang Kanyang sarili sa mundo. Ngunit, gayon din, ang Logos bilang may katangian na makapagliligtas; ito ang naging paraan tungo sa mataas na kalikasang espirituwal. Sa evangelio ayon kay Juan, ang logos ay kapwa manlilikha at tagapagligtas; ngunit ang huling aspeto ay higit na binigyan ng pansin kaysa sa una.[17]

Ang paniniwalang ito ay kinakailangan ng pangangatuwiran, na kung saan ang konsepto ng orihinal na sala at paghahandog ng Poong Maykapal ay inimbento. Sinasabi nila na dahilan sa kasalanan ni Adan, na minana hanggang sa lahat ng lahi ng tao hanggang sa hindi na ito makayanan na kahit sinomang tao na ihahandog ay hindi na kayang maalis ito, isang Poong Maykapal na ihahandog ang kinakailangan. Gayon pa man, ang Poong Maykapal ay may anak na tao, na Poong Maykapal din, ang Kanyang sarili na nagkatawang tao. Ang anak ng Poong Maykapal na ito ay namatay sa krus bilang handog sa lahat ng tao para sa Poong Maykapal, para sa Kaniyang sarili. Ang anak, siya ang Poong Maykapal, ang Kanyang Sarili, pagkatapos ay nabuhay na maguli at sa kasalukuyan ay naupo sa kanang bahagi ng luklukan ng Poong Maykapal na naghihintay lamang upang hukuman ang buong sankatauhan sa wakas ng daigdig na ito. Kaya nga sa mga Cristiano, ang ika- limang bahagi ng sankatauhan, ang Poong Maykapal ay nagkatawang tao sa iisa at tanging nag-iisang dahilan lamang sa kasaysayan ng daigdig, at ang paniniwala sa kaniyang pagkakatawang tao ay kinakailangan para sa kaligtasan.

## Ang mga Tao ay naging Diyos

Mula sa pananaw ng pagiging tao ni Jesus, ang paniniwala ng Cristiano na siya ay ang Poong Maykapal ay maaaring mauunawaan sa paraan na ang isang tao ay itinataas sa kalagayan ng pagka-Diyos. Datapwat, mayroon, pang ibang uri ng paniniwala mula sa mga tagasunod ng Islam, na ito rin ay katulad ng Hinduismo, Buddhismo, ay nagpapahayag na ang tao ay may pagkakataong maging Diyos.

Ang pinagmulan ng kanilang mga paniniwala ay matatagpuan sa mistesismo[18] na ang ugat *ng paniniwalang ito* ay mula pa sa sinaunang misteryosong relihiyon ng mga Griyego. Ang mistesismo ay binigyan ng kahulugan bilang isang karanasan sa pakikipagkaisa sa Diyos at ang

[17] Dictionary of Philosophy and Religion, p. 314

[18] Mysticism- isang uri ng mahiwagang karanasan o kaya'y walang hadlang na pakikipag-ugnayan sa ganap na katotohanan. Ito ay paniniwala na ang tao ay walang hadlang na makikilala ang Poong maykapal, pang-espirituwal na katotohanan o ganap na katotohanan ay matatanggap lamang sa pamamagitan ng pagpapasailalim ng karanasan.

paniniwala nito, na ang pinakamithiin ng tao sa buhay ay nakasasalay lamang sa paghahanap na makamtan ang pakikipagkaisa. Ang pilosopong Griyego na si Plato ay nagpanukala sa konseptong ito sa kanyang mga kasulatan, lalo na sa kanyang *Symposium*. Dito ay ipinaliwanag kung paano ang kaluluwa ng tao ay makakaakyat sa espirituwal na hagdanan hanggang sa ito ay makasama na muli sa Poong Maykapal. Ang batayan ng paniniwalang ito ay ang katuruan, na ang tao, sa katotohanan, ay bahagi ng Diyos na nabitag *o nakulong* sa materyal na daigdig na ito. Ang laman ng katawan ay nabalutan ng kaluluwang laman. Magkagayon pa man, ang kaluluwa sa kanilang pananaw ay Diyos. Ang nabitag o nakulong na bahagi ng Diyos sa daigdig na ito ay kinakailangan mapalaya sa kanyang sarili mula sa material na daigdig na ito at muling maging isa sa Poong Maykapal.

May mga lumitaw na ganito sa mga Muslim, isang sekta, na ipinapalaganap ang ganitong uri ng haka-haka. Ang mga tagasunod ay kinikilang sa taguri na " **Sufis**" at ang sistema ng kanilang paniniwala ay tinatawag na " **Sufism**" Ang salitang ito ay pangkaraniwan nang isinasalin sa Ingles na " **mysticism**" o kaya'y " **Islamic mysticism**." Ito'y ibinatay sa katulad na konsepto ng mistikong Griyego—na ang kaluluwa ng tao ay Diyos at ang paraan upang ito'y muling maibalik sa Diyos ay sa pamamagitan ng isang pagsasanay na espirituwal. May iba't-ibang pangkat ng Sufis na nabuo bilang kulto tinatawag na " **Tareeqahs**" (pamamaraan o mga daanan). Ang bawa't kulto ay ipinangalan mula kanilang punong tagapagtatag o kaya'y kinikilalang pinuno., at ang bawa't isa ay may kanya-kanyang ayos ng natatanging pagsasanay espirituwal na kung saan ang bawa't kaanib ay mahigpit na ipinapatupad ito. Ang pangkaraniwang itinuturo dito pagkatapos na ang mga tagasunod ay ganapin ang iminumumngkahing pang-espirituwal, damdamin, at pang katawang pagsasanay, sila'y magiging kaisa na sa Diyos. Ang kaisahang ito ay binigyan ng pamagat sa Arabic na **fanaa**, na ang kahulugan ay " **paglusaw**" o kaya'y **wusool,** na ang kahulugan ay " **pagdating.**" Ang konsepto ng " kaisahan" sa Diyos ay hindi tinatanggap ng higit na nakararaming dalubhasang Muslim, ngunit ang pankaraniwang tao ay niyakap ito. Noong ika-sampung siglo, ang isang tagasunod na Sufi, na si Al-Hallaaj ( 858-922), ay hayagan na ipinakilala sa publiko na siya ay Diyos at sumulat ng mga tula at dahilan sa bagay na ito isang aklat na pinamagatan Kitaab at-Tawaseen ang kanyang isinulat.. Sa loob nito ay isinulat niya, " Kung hindi nyo nakikilala ang Diyos, dapat lamang na makilala ang kanyang mga tanda; ako ang Kaganapan ng wakas ng katotohanan sapagkat sa pamamagitan ng katotohanan ako ang magpawalang-hanggang katotohanan. Ang mga kaibigan at tagapagturo ko ay mga Iblees,[19] at Pharaoh. Si Iblees ay binigyan ng babala sa apoy ng impierno, datapwat hindi niya kinilala ang anomang bagay sa pagitan niya at

[19] Ang personal na panglan ni Satanas ayon sa paniniwala ng Muslim

ng Diyos, at bagaman ako'y pinatay at ipinako sa krus, bagaman ang aking mga kamay at paa ay pinutol, hindi ako tumalikod."[20]

Si Ibn 'Arabee (d.1240) ay kinuha ang paniniwalang kaisahan sa Diyos at dinagdagan pa na sinasabing ang Diyos lamang ang umiiral. Sinulat niya ang sumusunod sa isa kanyang mga ginawa, " Kaluwalhatian sa Kaniya, Siya ang gumawa ng lahat ng bagay upang lumitaw habang nasa kanilang diwa pa" [21] At sa iba pa ay kaniyang isinulat, " Siya ay nasa diwa kung ano ang mga bagay na nakikita, at Siya ay nasa diwa kung ano ang mga bagay na nakatago habang Siya ay nakikita. Ang sinoman na nakakakita sa Kanya ay walang iba kundi Siya rin at walang sinoman ang nakatago sa Kanya sapagkat Siya ay nagpapakita sa Kanyang sarili habang nakatago."[22] Ang tinatawag niya ang konseptong ito na **Wahdahul-wujood** ( *Kaisahan sa pag-iral*) at naging tanyag sa kalipunan ng mga Sufi sa lahat ng Muslim sa mundo.

**Bakit?**

Ano ang nagdala sa mga naunang tao na magkaroon ng paniniwala na ang Diyos ay nagkatawang tao o kaya'y Ang Poong Maykapal at tao ay isa at magkatulad? Ang pangunahing ay dahilan sa kanilang kakulangan na maunawaan o kaya'y matanggap ang konsepto ukol sa Poong Maykapal na Siya ang lumikha sa daigdig na ito mula sa kawalaan. Nabuo sa kanilang isip na ang Poong Maykapal ay katulad din nila, *na ang tao* ay lumilikha mula sa mga bagay na narito na. Ang tao ay gumagawa ng mga bagay sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagay na narito na tungo sa ibang uri, hugis at anyo na may iba't-ibang paggamit. Halimbawa nito ay, ang isang kahoy na lamesa ay dating isang puno sa kagubatan, at ang mga pako nito at mga tornilyo ay dating isang pirasong bakal sa batuhan mula sa ilalim ng lupa. Ang tao ay pinutol ang puno at hinugisan ng lapat na tabla at mga paa; hinukay ang mga bakal na nasa mga luwad at batuhan, tinunaw ito at inilagay sa hulmahan ng pako at tornilyo. Pagkatapos ay isinaayos na ang mga iba't-ibang bahagi upang makagawa ng isang lamesa na may iba't-ibang gamit. Sa katulad din nito, ang plastik na upuan ngayon na inuupuan ng mga tao na dati ay isang likidong langis, na nakatago sa kailaliman ng lupa. Sinoman ay hindi lubos na maiisip na siya ay nakaupo sa langis na kung paano ang tao ay nakaupo sa silya. Magkagayon pa man, dahil sa ang tao ay may katangian na magawa ang timplada ng kemikal na langis, ang plastik ay ginawa at ang silya para sa mga tao upang makaupo dito. Ito ang katangian ng tao na makagawa ng paglikha; ang tao ay may binababago lamang at ginagawa sa ibang anyo mula sa kung ano lamang ang bagay na narito na. Hindi nila nilikha ang mga puno

[20] Idea of Personality ,p. 32
[21] Al-Futoohaat al-Makkiyah, Tomo 2, p. 604
[22] Fusoot al-Hikam, Tomo 1, p. 77

at makagawa ng langis m*ula sa kawalan*. Kung kanilang pag-uusapan ang paglikha ng langis, ang talagang ibig sabihin nila ay ang pagkuha ng langis. Ang langis ay nilikha na ilang milyon taon na ang nakaraan sa pamamagitan ng pamamaraan ng naturalisang panlupa; pagkatapos nito, ang tao ay hinango ito mula sa lupa at dinalisay. Hindi rin nila nilikha ang mga puno. Kahit na sabihin nila na itinanim nila ito, hindi nila nilikha ang mga binhi na kanilang itinanim. Magkagayon pa man, ang tao, dahilan sa kawalan ng kaalaman ukol sa Poong Maykapal, pangkaraniwan na namumutawi sa kaisipan na ang Poong Maykapal ay katulad din nila. Halimbawa nito, sa Lumang Tipan, dito'y nakasulat, " Nilikha ng Diyos ang tao mula sa kaniyang larawan ; sa larawan ng Diyos nilikha ang tao ." Para naman sa Hindu, si Purusa ay lumikha ng Diyos, si Brahma ay nasa anyong tao, at katulad din ng tao na nakakalikha sa pamamagitan ng paggawa ng mga narito na sa daigdig na nasa kanilang paligid, kaya nga, ang manlilikhang Diyos ay gagawa din ng gayon. Ayon sa Pilosopiya ng Hindu, si **Purusa** ay isang higanteng anak ni Brahma, na mayroong isang libong mga ulo at isang libong mga mata. Mula sa kaniya ay bumangon si **Viraaj**, ang kapareho niya na isang babae at kasama sa pamamaraan ng paglikha. Ang Diyos na si Purusa ay isa ring inihandog para sa pag-aalay ( *mga talala 6-10*) at mula sa mga hiwala-hiwalay niyang katawan ay bumangon ang apat na kinikilalang uri ng kaanib sa lipunan (varnas)[23]. Sa awit ni Perusa ay binabanggit ang mga Brahmins ay ang bahagi ng bibig ni Parusa; ang Ksatriyas ( o maharlika) ay ang kanyang mga braso; Vaishyas, ay ang kanyang binti; at Shoodras, ay ang mga paa.[24] Dahil sa walang kakayanan ang mga Hindu na maintindihan ang Poong Maykapal na lumikha sa daigdig na ito mula sa wala, ang nagtulak sa konsepto ukol sa Poong Maykapal na anya ay nilikha ang sanlibutan mula sa Kanyang sarili at ang mga tao mula sa bahagi ng kanyang katawan. Ang kakayanan ng tao na maunawaan ang panukala at konsepto ay may kakulangan at may hanganan. Ang Tao ay hindi maunawaan at maintindihan ang walang-hanggan. Ang paniniwala naman, na ang Poong Maykapal ay tinuruan si Adan, na ang Poong Maykapal ay nilikha ang daigdig na ito mula sa wala. Kung nais niyang lumitaw ang anomang bagay, sasabihin lamang Niya, " Mangyari nga" at ang Kaniyang mga salita ay mangyayari at lilitaw ang mga bagay na dati ay wala pa. Ang daigdig na ito at ang mga bagay na narito ay hindi nilikha mula sa kaniyang sarili. Sa katotohanan, ang konsepto ukol sa Poong Maykapal na lumikha ng daigdig mula sa Kanyang sarili ay nagpapababa sa kalagayan ng Poong Maykapal na maging kapantay ng Kanyang nilikha, kaya nga, tulad baga na Siya ay lumikha ng anomang bagay mula din iba pang bagay. Sa mga nanindigan at patuloy na naninindigan sa paniniwalang ito ay hindi nila kayang maintindihan ang likas na kaibahan ng

[23] Dictionary of World Religion, p. 587
[24] The New Encyclopedia Britannica, Tomo 20, p. 552

Poong Maykapal. Siya ay ang Tanging Kakaiba sa lahat at walang sinoman ang kahalintulad Niya. Kung Siya ang lumikha ng sanlibutan mula sa Kanyang sarili, siya ay katulad din ng Kanyang mga nilikha.

**Nagkatawang tao ba ang Poong Maykapal?**

Ang tanong na hindi pa nasasagot ay nagkatawang tao ba ang Poong Maykapal? Kung pag-uusapan ang tumpak na katuwiran, ang kasagutan ay **hindi** sapagkat ang konsepto ukol sa Poong Maykapal na nagkatawang tao ay sumasalungat sa payak na kahulugan ng salitang " **Poong Maykapal**" Ang kasagutan ng pangkaraniwang tao ay sinasabing ang Poong Maykapal ay magagawa ang lahat ng mga bagay; anoman ang nais Niyang gawin, ay magagawa Niya. Sa Biblia ng Cristiano ay ganito ang sansabi,"… sa Poong Maykapal ang lahat ng bagay ay mangyayari ( Mateo 19:26; Marcos 10:27; 14:36)." Ang Qur'an ng mga Muslim ay binanggit ang ganito," Katotohanan, ang Allah ay magagawa ang lahat ng mga bagay ( Qur'an 2:20)," at ang mga kasulatan ng Hindu ay naglalaman din ng mga talatang katulad ng ganitong mga kahulugan.

Ang lahat ng malalaking kasulatan ng mga relihiyon ay naglalaman ng pangkalahatang ekspresyon ukol sa mga batayan ng konsepto sa Poong Maykapal bilang Makapangyarihan sa lahat. Higit Siyang Makapangyarihan sa lahat, at sa pamamagitan Niya ang lahat ng bagay ay magagawa. Kung ang pangkalahatang konsepto na ito ay maisasalin sa tunay na salita, kinakailangan muna ng sinoman na maalaman at maintindihan ang tunay na kalikasan ng Poong Maykapal. Marami sa mga tao sa lipunan ay nalalaman nila na ang Poong Maykapal ay Magpawalang –Hanggan na walang pasimula at walang katapusan. Kung, ang batayan na ang Poong Maykapal ay magagawa ang lahat ng mga bagay, at kung maitatanong din na ang Poong Maykapal ay maaaring bang mamatay, ano kaya ang kasagutan? Dahil ang kamatayan ay bahagi ng " lahat ng mga bagay," maaari bang sabihin natin ito," Kung nais Niya"? Tama, hindi kailanman ito dapat na bangitin. Kaya nga, may malaking suliranin ukol dito. Ang Poong Maykapal ay binigyan kahulugan bilang Magpawalang-hanggang Buhay, walang katapusan, at ang kamatayan ay nangangahulugan na " darating sa kawakasan." Gayon pa man, sa tanong na , Siya ba ay maaaring mamatay, sa katunayan ay isang walang halagang uri ng tanong. Ito ay salungat na sa kanyang sarili. Gayon din naman, kung maitatanong na ang Poong Maykapal ba ay maaaring ipanganak, ay hindi rin tama sapagkat ang Poong Maykapal ay binigyan na ng kahulugan bilang Magpawalang-hanggan, walang pasimula. Para ipanganak ay nangangahulugan lamang na may pasimula, darating pa lamang o mabubuhay pa lamang , bago pa man lumitaw. Sa katulad ng ganitong kalagayan, ang mga pilosopong ateista ay matutuwa na tanungin ang mga

naniniwala sa Poong Maykapal: “Ang Poong Maykapal ba ay makakagawa ng bato na hindi Niya kayang dalhin?” Kung ang mga naniniwala ay sasagot ng Oo, nangangahulugan lamang na ang Poong Maykapal ay makakalikha ng bagay na higit pa kaysa sa Kanya. At kung sasabihin naman na hindi, nangangahulugan lamang na ang Poong Maykapal ay hindi magagawa ang lahat ng mga bagay.

Kung gayon, ang salitang “lahat ng bagay” para ikapit sa bukambibig na “Ang Poong Maykapal ay magagawa ang lahat ng bagay” ay hindi kasama dito ang mga walang-katotohanan. Dito, ay hindi maaaring ibilang ang mga bagay na sumasalungat sa Kanyang pagka-Dibino, Banal at Kadakilaan na katangian; mga bagay na makapaglalagay sa Kanya bilang mababang uri ng Diyos, katulad ng nakakalimot, natutulog, nagsisisi, lumalago, kumakain at marami pang iba. Sa halip, ito'y napapalooban lamang ng “ lahat ng bagay “ na hindi sumasalungat sa Kanya bilang Poong Maykapal. Ito ang tunay na kahulugan sa salitang “ Magagawa ng Poong Maykapal ang lahat ng mga bagay” Hindi ito mauunawaan sa ganap na kaisipan; ngunit ito'y kinakailangan nakatanggap-tanggap.

Ang sinasabi na **ang Poong Maykapal ay naging tao** ay isa rin sa kamalian. Hindi ito umaangkop sa Poong Maykapal na magkaroon ng kalagayan ng isang tao sapagkat nangangahulugan lamang na ang Manlilikha ay naging Kanyang nilikha. Datapwat, ang nilikha ay isang bunga ng gawang–likha ng Manlilikha. Kapag ang Manlilikha ay naging Kanyang Nilikha, ito'y nangangahulugan na ang Manlilikha ay nilikha ang Kaniyang sarili, na ito'y isang maliwanag na kamalian. Para maging isang nilikha, kinakailangan mula na wala pa Siya, at kung Siya ay wala pa, papaano kung gayon makakalikha? Sa karagdagan pa, kung Siya ay nilikha, nangangahulugan na Siya ay may pasimula, at sumasalungat din sa Kanyang katangian bilang Magpawalang-hanggan. Kung sa kahulugan nito, ang nilikha ay nangangail;angan ng tagapaglikha. Para lumitaw ang isang nilikha kinakailangan nila ng isang tagapaglikha upang mangyari na sila'y lumitaw. Ang Poong Maykapal ay hindi nangangailangan ng tagapaglikha sapagkat ang Poong Maykapal ang Manlilikha. Kaya nga, dito'y may maliwanag na salungatan sa mga salitang ginagamit. Ang sinasabi na ang Poong Maykapal ay naging Kanyang nilikha ay nagpapakita na kailangan Niya ng Manlilikha, ito'y isang uri ng nakatatawang konsepto. Ito'y sumasalungat sa napakahagang konsepto ukol sa Poong Maykapal bilang hindi nilikha, hindi nangangailangan ng tagapaglikha at bilang isang Manlilikha.

**Ang tao ba ay maaaring maging Poong Maykapal?**

Ang tao ay isang nilalang na may hangganan ( i.e., nilikha). Ang tao ay isinilang, at siya ay namamatay. Ito ang mga katangian, na kailanman ay hindi maaaring ikapit sa Poong Maykapal sapagkat ito'y ipinapantay Siya sa

Kanyang nilikha. Kung gayon, ang Poong Maykapal ay hindi naging at hindi magiging tao kailanman. Sa ibang kalagayan, ang tao ay hindi rin maaaring maging Poong Maykapal. Ang nilikha ay hindi maaaring maging tagapaglikha sa kanyang sarili. Ang tao ay lumitaw sa pamamagitan ng makapangyarihan gawa ng iTagapaglikha na sa walang pasimula ay nariyan na. Ano man na wala ay hindi mangyayari na lilitaw sa kanyang sarili lamang.

Sa kahalintulad ng konseptong ito na ang kaluluwa o espiritu ay Diyos, ito'y isang paraan na pagsasabi na ang tao ay maaaring maging Poong Maykapal. Ang Pilosopiyang ito ay nagbigay nag-anyo sa pinakasaligan ng mistesismo sa Griyego, Cristiano at Muslim , at gayon din sa theolohiya ng Hindu, at hanggang sa pagka-Diyos ng lahat ng mga tao at kung maaari ang lahat ng mga nilikha. Ito'y nagpasimula mula sa batayan na sinasabing, may pangyayari sa kasaysayan ng buong sanlibutan, na dahil sa pira-piraso at putol-putol na bahagi ng Diyos ay napaligiran ng materyang katawan at ito'y nabilango sa daigdig na ito. Sa ibang salita, ang magpawalang-hanggan ay nakapasok sa may hangganan. Ang paniniwalang ito ay naglalagay ng higit na kasamaan sa katangian ng Diyos at lubusang pag-alis sa kahulugan ng mabuti at lahat ng kasamaan. Nang ang kaluluwa ng tao ay nag-nanais na gumawa ng kasamaan at ginawa ito sa pamamagitan ng kapahintulutan ng Diyos, napakasama ang ginawang ito at karapat-dapat na parusahan. Dahil dito, ang konsepto ng **karma** ay naimbento. Anoman bagay ang umalis ay muling magbabalik. Ang **karma** ay ipinapaliwanag bilang isang mahiwagang pagdurusa na sinasabing, ito'y bunga ng kasamaan ginawa sa nakaraang buhay. Sa kahuli-hulihan, pinarusahan ng Diyos ang anomang kasamaan na ginawa sa bahagi ng Kanyang sarili na nasa tao. Gayon pa man, kung ang mga kaluluwa ng tao ay may kanya-kanyang kagustuhan na ipinagkaloob ng Diyos, hindi mangyayari na sila ay Diyos din. Kaya nga, ang bawa't tao sa kanyang sarili ay naging isang Diyos.

## Ang Poong Maykapal ba ay may anak.

Kung ang Poong Maykapal ay hindi Nagkatawang-tao, may anak ba Siya? Dahilan sa magagawa niya ang lahat ng mga bagay, gagawin niya na magkaroon ng anak. Datapwat, ang sinasabing ito ay nagiging mababa ang Poong Maykapal sa mababang katungkulan sa Kanyang nilikha. Ang nilikha ay nakakagawa ng tao sa pamamagitan ng panganganak ng munting bata na katulad din ng kanilang sarili, na sa takdang panahon ay lumaki at nanganak din ng mga katulad ng kanilang sarili, at ito'y paulit-ulit na nangyayari. Ang Aso ay may tuta, ang pusa ay may kuting, ang baka ay may munting baka, at ang tao ay may mga bata. Kaya nga, anong mayroon ang Poong Maykapal—sanggol na Diyos? Ang mga Diyos ay kinakailangan na manganak ng mga Diyos. Ngunit, para sa Diyos upang magkaroon ng anak, kinakailangan na may

lumitaw na iba pang Diyos maliban sa Kaniya. Hindi ito angkop sa Poong Maykapal na magkaroon ng anak dahilan sa ang gawang bagay na ito ay nagpapantay sa Kanyang mga nilikha.

Ang lahat ng bagay ay lumitaw maliban sa Poong Maykapal sa pamamagitan ng kaniyang mga kautusan, hindi dahil ang Poong Maykapal ay naging Kanyang Nilikha o kaya'y bahagi ng Poong Maykapal na naging nilikha. Ang Poong Maykapal ay hindi maaaring maging Kanyang Nilikha o kaya'y ang Poong Maykapal ay manganganak sa nilikha. Ang Poong Maykapal ay o Tanging Siya lamang, ang Manlilikha at ang tao at ang lahat ng nasa buong sanlibutan ay Kaniyang nilikha. Bagaman ang tao ay hindi lubos na nauunawan ang konsepto ng nilikha mula sa wala, iyan ang tumpak kung ano ang ginawa at ginagawa ng Poong Maykapal. Siya lamang ang makakalikha ng bagay mula sa kawalan, na ito ay kabilang sa mga katangian na siyang naglalagay sa Kaniya bilang walang katulad at kakaiba sa Kanyang mga nilikha. Ang Kanyang gawa ng paglikha ay lubos na kakaiba sa mga tao.

Ito ang pinakadiwa ng mensahe ng lahat ng mga sugo at propeta ng Poong Maykapal na ipinadala sa sankatauhan—Sina Abraham, Moises, Jesus at Muhammad—pati na rin ang mga isinugo sa iba't-ibang panig ng mundo na ang mga pangalan ay hindi na alam ng sankatauhan *ang kapayapaan at ang pagpapalala ng Poong Maykapal ay sumakanila nawang lahat.* Sa ngayon, ang tumpak na mensahe ay matatagpuan lamang sa Qur'an; ang huling kasulatan na ipinahayag ng Poong Maykapal para sa sankatauhan. Ang mensaheng ito ay nananatiling mapapakinggan at maliwanag mula sa Qur'an lamang sapagkat ito'y walang pagbabago simula pa ng ipahayag ito, isang libo at apat na daang taon na ang nakalilipas , magpahanggang sa ngayon.

Winika ng Poong Maykapal sa loob ng Qur'an ang ganito para sa mga naghahambing sa Kanya na katulad ng Kanyang mga nilikha o sa iba pang paraan: " **Walang anoman ang katulad sa Kanya** ( 42:11). Sinabi rin Niya sa mga nagsasabi na Siya ay may anak : " **Hindi ito angkop sa Kaniya na magkaroon ng anak** (19:92)" Sa karagdagan ay sinabi pa Niya para doon sa mga nagsasabi na Siya ay lumikha ng sanlibutan mula sa kaniyang sarili: **" Kung nais Niya ang anomang bagay na umiral, sasabihin lamang Niya na : ' Mangyari, at ito'y nangyayari nga** ( 36:82)" Para sa mga sumasamba sa maraming Diyos ay sinabi Niya : **" Walang ibang Diyos na kasama Niya, kung mayroon man ang bawa't isa sa kanila ay mag-aagawan sa kanilang mga nilikha at ang bawa't isa ay magsisikap na gapiin ang iba pa.** 23:91)" Sinabi rin niya sa mga hindi naniniwala sa Poong Maykapal: " Wala **bang lumikha sa kanila o kaya'y nilikha ba nila ang kanilang sarili** (52:35)?" At ang tungkol naman kay Jesus at sa kanyang ina, na si Maria, ay pinatunayan Niya ang pagiging kanilang pagkatao sa pamamagitan ng pagpapahayag sa isang payak na salita : " **Kapwa sila ay kumakain ng pagkain.** (5:75)."

Ang konsepto sa Poong Maykapal na hindi kailaman maaaring magkatawang tao ay napakahalaga para sa lahat ng tao na maunawaan

sapagkat nakasalalay dito at ang pinakahaligi ng pagkakaiba ng Islam at ang lahat ng umiiral na relihiyon. Lahat ng ibang relihiyon ay may kamalian ang konsepto ukol sa Poong Maykapal, ito man ay maliit o malaki. Ang pinaka mahalagang panukala, na kinakailangang maunawaan, na ang Poong Maykapal ay hindi nagkatawang tao. Kakaiba ang Poong Maykapal; Siya lamang ang may karapatan ng pagsamba ng Kaniyang mga nilikha. Ang paniniwala na ang isang tao ay Poong Maykapal o kaya'y ang tao ay maaaring maging Poong Maykapal at sambahin ang taong iyon ay ang pinakamalaking kasalanan at ang pinakamalaking kasamaan na magagawa ng tao sa daigdig na ito. Ang pag-unawa dito ay ang pinakamahalaga sapagkat ito'y batayan ng haligi para sa kaligtasan. Walang kaligtasan kung wala ito. Datapwat ang paniniwalang ito ay hindi lamang ang pinakasusi ng kaligtasan. Ang katotohanan, at ang tamang paniniwala ay kinakailangan na maisalin sa paggawa, at hindi dapat na manatili lamang bilang bahagi ng kaalaman, sapagkat ito'y nagiging dalisay na pananampalataya. Ang isang tao ay kailangang mamuhay ng mabuting pamumuhay batay sa tamang paniniwala upang matanggap ang kaligtasan. Gayon pa man, na ang pinaka-pasimula nito, ay dapat na alamin kung sino ang Poong Maykapal, ang pagkilala na Poong Maykapal ay hindi nagkatawan o nagkakatawang tao.

**Mga Talaaklatan**

Colliers Encyclopedia

Crim, Keith. The Perennnial Dictionary of World Religions. San Francisco; Harper & Row, 1989

Ghazzaalee, Aboo Haamid, al-Ihyaa 'Uloom ad-Deen. Beirut; Dar al-Kutub al-'Arabiyah.

Ibn "Arabee. Al-Futoohaat al-Makkiyyah, Cairo; al-Halabee Press, n.d.

---.Fusoos al- Hikam. Beirut: Daar al-Kitaab al-"Arabee, 1946

Reese, W.L. Dictionary of Philosophy and Religion. New Jersey; Humanities Press, 1980

The New Encyclopedia Britannica. Chicago; Encyclopedia Britannica, Inc., 15th ed., 1991.